www.kidworship.kr

# Jacob 1

## – 9th Story–



58Page

**NAR** Si Isaac at Rebeka ay biniyayaan ng kambal na anak na lalaki. Ang panganay ay si esau, siya ay mapula at mabalahibo. Ang isa naman ay pinangalanang si Jacob. Kahit na sabay ipinan–ganak sina esau at Jacob, sila ay magkaiba sa isat isa. Si esau ay maliksi at malakas, mas gusto nito ang nasa parang. Mahal na mahal ni Isaac si esau. Sa kabilang dako naman, ay si Jacob. Siya ay isang tahimk lamang na tao at mas guto nito ang nasa bahay lamang. Siya ang tagapangalaga sa kanilang mga alag–ang hayop, at tinutulungan naman nito ang kanyang ina. Ang kaniyang ina na si, Rebeka ay mahal na mahal si Jacob.



59Page

**NAR** Isang araw, Habang nagluluto si Jacob ng sabaw, dumating si esau galling sa kanyang pangangaso kung kayat siya ay gutom na gutom.

**Esau** “Jacob! Maari mo ba akong bigyan ng sabaw?”

**Jacob** “Kung ipagbibili mo sa akin ang iyong karapatan bilang pan–ganay, ay bibigyan kita ng sabaw.”

**Esau** “Ang aking karapatan? Sige. Ano naman ang mapapala ko sa karapatan na iyan kung ako naman ay nagugutom?”

**NAR** Sa pagkakataong ito ay hindi nag isip ng maayos si Esau at ti–nanggap ang alok ni Jacob.



60Page

**NAR** Mahabang panahon ang lumipas at si Isaac ay matanda na. ang kanyang mga mata ay mahina na kung kayat hindi na ito makakita. Isang araw, tumawag si Esau.

**Isaac** “Esau, pumunta ka sa isang bayan upang mangaso ng mababangis na hayp. Pagkatpos ay ibibigay ko sa iyo ang aking basbas bago ako mamatay”

**Esau** “Talaga ba? Kung ganoon ay akoy aalis na.”

**NAR** Umalis si esau upang mangaso ng may galak sa kanyang puso.



61Page

**NAR** Nakikinig si Rebeka habang nag uusap sina Esau at Isaac. Mas mahal ni Rebeksa si Jacob kesa kay Esau.

**Rebekah** ‘Mas maganda kung si Jacob ang tumanggap ng basbas.’

**NAR** Tinawag ni Rebeka si Jacob at sinabi.

**Rebekah** “Jacob, lumabas ka pumnta sa kawan at kumuha ka ng isang batang kambing upang makapag handa anko ng masarap na pagkain para sa iyong ama. At pumunta ka sa iyong ama upang ibigayy sa yo ang kanyang basbas bago siya mamatay.”

**Jacob** “Ngunit ina, Si Esau ay mabalbon at ako na man ay malambot na balat. Pano kapag hinawakan ako ni ama? Malalaman agad ni ama na ako si Jacob at hindi si Esau.”

**Rebekah** “Hwag kang mag alala dahil may paraan.”

**N A R** Naghanda ng masarap na pagkain si rebeka sa paraang gustong luto ni Isaac sa batang kambing nna dinala ni Jacob. Pagkatapos ay dinamitan ni Rebeka si Jacob ng damit ni Esau at tiinakpan ang kamay at katawan ni Jacob ng balat ng kambing.



62Page

**N A R** Dinala ni Jacob ang pagkaing inihanda ng kanynag ina para sa kanyang ama.

**Jacob** “ama!”

**Isaac** “Sino ka?”

**Jacob** “Ako ito si Esau. Maupo ho kayo at kumain ng aking inihanda para sa iyo nang sa gayon ay maibigay mo saakin ang iyong basbas.”

**N A R** Kinakabahan si Jacob na baka mahuli siya ng kanyang ama.

**Isaac** “Lumapit ka ditto upang ikaw ay mahawakan ko, anak, nang aking malaman kung ikaw nga ang aking anak na si Esau at hindi si Jacob.”

**N A R** Hinawakn nga ni Isaac si Jacob.

**Isaac** “Ang boses mo ay kay Jacob, ngunit ang kamay ay kay kamay ni Esau. Baka nag kamali nga ako.”

**N A R** Si Isaac ay matanda na at Malabo na ang mga mata ay ma-hirap nang makilala si Jacob. Naniwala siya na si Esau ang kausap niya. Kinain ni Isaac ang pagkain at binasbasan si Jacob.



63Page

**N A R** Pagkaraan ng ilang oras, duumating si Esau galling sa pan-gangaso. Naghanda din siya ng masarap na pagkain at dinala sa kanyang ama.

**Isaac** “Sino ka?”

**Esau** “Ama ako ito, ang iyong anak na si Esau.”

**Isaac** “Ano? Binasbasan na kita.”

**N A R** UMiyak si Esau ng napakalakas.

**Esau** “Ama! Ako ay niloko na ni Jacob ng pangalawang beses. Una kinuha niya ang aking karapatan bilang panganay na anak. At ngayon ang aking basbas. Basbasan mo rin ako ama!”

**Isaac** “Nabasbasan ko na si Jacob. Ano pa ang maari kong ibigay sa iyo?”

**N A R** Nagalit si Esau sa kanyang nakakababatang kapatid na si Jacob.

**Esau** “papatayin ko si Jacob kapag namatay na ang aking ama.”

**N A R** “Narinig ni Rebeka ang plano ni Esau kung kayat sinabi niya ito kay Jacob at sinabing pumunta siya sakanyang tiyo at manirahan na roon.”